

## TAGENGO BŌSAI NAVI

## 多言語防災ナビ

## ITO ANG GAGAWAIN MO


Gabay para sa Kaligtasan sa Kalagitnaan ng mga Kalamidad

Hazard Map	1	Warning at Paglikas	2
Bagyo	3	Baha sa bahay, Labas, Ilog	4
Paglikas sa baha at Guho	5	Paghanda sa Bagyo	6
Lindol	7	Paglikas mula sa Lindol	8
Natabunan / Sunog	9	Paglikas mula sa Sunog	10
Tsunami, Sakuna sa Lupa	11	Paghanda sa Lindol	12
Evacuation Bag	13	Pag-imbak para sa Sakuna	14
First Aid 1	15	First Aid 2	16
Pagtawag sa Emergency	17	Sa Loob ng Evacuation Site	18
Lista ng Evacuation Site 1	19	Lista ng Evacuation Site 2	20
Evacuation Route	21	Personal Info / Contacts	22

Ituro ang mga salita at litrato para sa mas epektibong pakikipag-usap

OKAZAKI

# Hazard Map



Lugar na Maaaring Umapaw ang Ilog

- Yahagi River
- Ibang Ilog



[Medyo Mahina] Na Lupa



[Mahina] Na Lupa



- Munisipyo, Branch Office
- Evacuation Center

- Highway
- [Matigas] Na Lupa

- Route Number
- Mga Daanan

- Istasyon ng Tren
- Mga Riles ng Tren

Warning Level	Impormasyon ng JMA	Impormasyon ng Syudad	Ano ang Gagawin
1	<p><b>Sōki Chōi-hō</b> 早期注意報 Maagang Babala</p>		<ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Sitahin ang Imbak</li> <li><input type="checkbox"/> Tawagan ang Evacuation Center</li> <li><input type="checkbox"/> Mag-ipon ng Impormasyon</li> <li><input type="checkbox"/> Pag-usapan ang susunod na galaw</li> </ul>
2	<p><b>Ōame Chōi-hō</b> 大雨注意報 <b>Kōzui Chōi-hō</b> 洪水注意報 <b>Takashi Chōi-hō</b> 高潮注意報 Paalala: Ulan, Baha, Alon</p> <p><b>Henren Chōi Jōhō</b> 氾濫注意情報 Posibleng pag-apaw ng Ilog</p>		<ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Sitahin ang daan sa paglikas</li> <li><input type="checkbox"/> I-charge ang phone at baterya</li> <li><input type="checkbox"/> Ihanda ang Evacuation Bag (→p13)</li> <li><input checked="" type="checkbox"/> <b>Maghanda sa paglikas kung lilikas sa Warning Level 3</b></li> </ul>
3	<p><b>Ōame Keihō</b> 大雨警報 <b>Kōzui Keihō</b> 洪水警報 Babala: Ulan, Baha</p> <p><b>Henren Keikai Jōhō</b> 氾濫警戒情報 Maaaring pag-apaw ng Ilog</p>	<p><b>Lumikas ang mga Ikaingatanda at mga taong kailangan ng Asista</b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Sitahin kung bukas ang Evacuation Center</li> <li><input type="checkbox"/> Bitbitin ang Evacuation Bag (→p13)</li> <li><input checked="" type="checkbox"/> <b>Maghanda sa paglikas kung lilikas sa Warning Level 4</b></li> <li><input checked="" type="checkbox"/> <b>Mag-umpisa sa paglikas kung lilikas sa Warning Level 3</b></li> <li><input type="checkbox"/> Tawagan at sabihin sa pamilya na lumikas</li> </ul>
4	<p><b>Dōsha Saigai Kōkai</b> 土砂災害警戒 <b>Takashi Keihō</b> 高潮警報 Babala: Landslide, Alon</p> <p><b>Takashi Takubatsu Keihō</b> 高潮特別警報 Malubhang Babala: Alon</p> <p><b>Henren Kiken Jōhō</b> 氾濫危険情報 Malapit na pag-apaw ng Ilog</p>	<p><b>Utos ng Paglikas</b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Tingnan ang bagong Impormasyon</li> <li><input type="checkbox"/> Patayin ang Breaker at Gas valve</li> <li><input checked="" type="checkbox"/> <b>Mag-umpisa sa paglikas kung lilikas sa Warning Level 4</b></li> <li><input type="checkbox"/> Siguraduhing nakalikas ang lahat.</li> <li><input type="checkbox"/> Tawagan at sabihin sa pamilya na lumikas</li> </ul>

## Lumikas ang Lahat hanggang Warning Level 4

5	<p><b>Ōame Tokubetsu Keihō</b> 大雨特別警報 Malubhang Babala: Malakas na Ulan</p> <p><b>Henren Hassai Jōhō</b> 氾濫発生情報 Pag-apaw ng Ilog</p>	<p><b>Emergency Safety Measures</b></p>	<p style="text-align: center;"><b>NASA PANGANIB ANG BUHAY PROTEKTAHAN AGAD ANG SARILI</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Lumayo sa bangin</li> <li><input type="checkbox"/> Protektahan ang ulo at paa</li> <li><input type="checkbox"/> Umakyat sa mataas na lugar</li> </ul>
---	------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------	-----------------------------------------	---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------

### Kung nasa Bahay

- Lagyan ng Shatterproof film o tape ang salamin ng bintana. Isara ang shutter kung mayroon.
- Punuin ng tubig ang bathtub at ihanda ang radio at mga baterya bilang paghahanda sa kawalan ng tubig at elektrisidad.
- Kung mapanganib sa bahay, mag-iwan ng mensahe kung “sino ang, kalian, at saan” lumikas.

### Kung nasa Loob ng Gusali

Sundin ang gabay ng staff ng gusali. Kung walang staff na nagbibigay ng gabay...

- Protektahan ang ulo gamit ang sombrero, bag, atbp.
- ”HUWAG: mangtulak, tumakbo, magsalaita, bumalik, lapitan ang eksena” sa paglikas.
- Maaaring lubak-lubak ang daanan. Iwanan ang stroller at kargahin ang bata kung may kasama.

### Kung nasa Labas

- Mag-ingat sa mga bagay na tinatangay katulad ng sanga, yero, poste, at mga bagay na maaaring matumba katulad ng puno at poste. Panatilihin mababa ang postura sa paglikas.
- Pumasok sa malapit na gusali at lumayo sa mga pinto at bintana.
- Magsuot ng sombrero o helmet, at magsuot ng makapal na sapatos kung kailangang lumabas.
- Kung may kasamang bata, hawakan ng maigi ang kanyang kamay upang hindi magkahiwalay.
- Kung nagma-maneho ng sasakyan, sindihan ang hazard lamp, pumarada sa maluwag na lugar katulad ng mga parking lot na hindi nakalubog sa baha, at hintaying humupa ang ulan at



### Salitang Magagamit

- ① 台風 “taifū”: Bagyo. Dumarating ang Bagyo sa bansa tuwing Agosto.  
「Pagtanong kung may bagyo ba (台風は来ますか “Taifū wa kimasu ka?”)」
- ② 警報 “keihō”: Babala na may panganib konektado sa panahon.  
「Babala sa bagyo (暴風警報 “Bōfū keihō”)」 「Babala sa baha (洪水警報 “Kōzui Keihō”)」  
「Babala sa pag-apaw ng ilog (氾濫警戒情報 “Hanran Keikai Jōhō”)」

## Kung nasa Bahay

- Kung suspetyang makakapasok ang tubig sa bahay, patayin ang breaker at lumikas.
- May posibilidad na huminto ang tubig. Mag-ipon ng tubig sa bathtub o sa mga container.
- Kung mapanganib sa bahay at kailangang lumabas, magsuot ng pantalon, makapal na sapatos (ang bota ay magiging mabigat dulot ng tubig na maiipon sa loob), makapal na jacket, at mahabang tungkod (at Evacuation Bag (→p13) kung mayroon) sa paglikas.

## Kung nasa Loob ng Gusali

Sundin ang gabay ng staff ng gusali. Kung walang staff na nagbibigay ng gabay...

- Lumayo sa mga pintuan, "HUWAG: mangtulak, tumakbo, magsalaita, bumalik, lapitan ang eksena", at umakyat sa mataas na palapag.
- Maaaring hindi magamit ang elevator. Iwanan ang stroller at kargahin ang bata kung may kasama.

## Kung nasa Labas

- Mahirap maglakad kahit 20 cm lamang ang lalim ng tubig (ankle-deep), kung malakas ang daloy.
- Titigil ang makina ng mga sasakyan kung lumubog ng mahigit 30 cm lalim ng tubig.
- Hindi makakapag-lakad sa 50 cm lalim ng tubig (knee-deep).

Huwag ipagpatuloy ang paglikas patungo sa evacuation site, pumasok na sa malapit na gusali (o sariling bahay) at umakyat sa mataas na palapag o itaas ng bubong.

- Kung nag-mamaneho, sindihan ang hazard light, i-parada ang sasakyan sa ligtas na lugar, katulad ng mataas na lugar o paradahan, patayin ng makina, at lumikas kung posible.

## ☆ Biglang Pag-apaw ng Ilog “Flash Flood”

- May posibilidad na magkaroon ng biglang pag-apaw ng ilog, kung umulan sa bundok malapit sa ilog. Lumayo agad mula sa ilog.
- Kung sakali mang nahulog at tinangay ng ilog, protektahan ang ulo at likod gamit ang mga damit, iharap ang paa ayon sa daloy ng tubig, at lumutang na naka-tihaya (nakatingin sa langit ang mukha at tiyan).

## Salitang Magagamit

- ① 浸水 “shinsui”: Pagpasok ng tubig sa mga gusali dulot ng baha  
「Pagpasok ng tubig-baha sa loob ng bahay (床上浸水 “Yuka-ue Shinsui”)」
- ② 冠水 “kansui”: Baha. Ito ang pagkakaroon ng malalim na tubig sa labas.  
「Tanong sa paglubog ng daan (道路は沈んでいますか “Dōro wa shizunde-imasu ka?）」
- ③ フラッシュフラッド “flash flood”: Biglang lakas ng daloy sa ilog, dulot ng ulan sa bundok.  
「Paalam na may taong tinangay ng agos (人が流されています “Hito ga nagasarete-imasu!）」  
「Paalam na lumayo mula sa ilog (川から離れてください “Kawa kara hanarete kudasai!）」

## Ingatan ito sa Paglikas

	Delikado ba sa bahay	Tamang Panahon	Saan ba Lilikas
Sakuna ng Tubig	<b>Prediktadong Babahain</b> <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi →Gaano kalalim? [        m ~        m]  Kailangang lumikas maaga <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi	<b>Warning Level 3</b> <input type="checkbox"/> Nasa lista ng lugar na kailangang lumikas kung may ikatatanda  <input type="checkbox"/> Mayroong miyembro ng bahay na sugatan, may sakit, buntis, o maliit na bata  <b>Warning Level 4</b> <input type="checkbox"/> Nasa lista ng lugar na kailangang lumikas	<b>Lugar na Lilikasan</b> <input type="checkbox"/> Taas ng bahay [        Floor]  <input type="checkbox"/> Bahay ng Kakilala [        ]  <input type="checkbox"/> Evacuation Site [        ]  <input type="checkbox"/> Atbp. [        ]
Sakuna ng Lupa	<b>May Landslide Warning</b> <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi → <input type="checkbox"/> Landslide Hazard Zone  <input type="checkbox"/> Landslide Emergency Hazard Zone	<b>Warning Level 3</b> <input type="checkbox"/> Mayroong miyembro ng bahay na sugatan, may sakit, buntis, o maliit na bata  <b>Warning Level 4</b> <input type="checkbox"/> Nasa lista ng lugar na kailangang lumikas	<b>Lugar na Lilikasan</b> <input type="checkbox"/> Taas ng bahay [        Floor]  <input type="checkbox"/> Bahay ng Kakilala [        ]  <input type="checkbox"/> Evacuation Site [        ]  <input type="checkbox"/> Atbp. [        ]

## Gamitin ang “Disaster Emergency Message Dial”

i-dial ang **1 7 1****1** kung **Record****2** kung **Play**

I-dial ang numero ng tao na nasa lugar na sinalanta ng kalamidad.

**0X0-1234-5678** • **05XX-12-3456** • **05X-123-4567****i-Record** ang nais sabihin**i-Play** kung may mensahe

Gamitin ito sa pakikipag-usap sa kaibigan o kamag-anak. Iwasan ang direktang pag-tawag.

## Paghahanda sa Bahay

Lagyan ng Tape ang Bintana



Upang maiwasan ang pagkalat ng mga bubog at nabasag na salamin

Ipanan ng tubig ang Bathub



Maghanda sa pagtigil ng tubig.  
(Gagamitin ito sa panghugas ng gamit sa kusina at sa pag-flush ng banyo)

Maghanda para sa Paglikas




Maghanda ng Evacuation Bag (→p13) at mag-imbak (→p14)

Iba pang magagawa...

- Lumikas ng maaga kung nakatira malapit sa bundok, ilog, o sa mababang lugar, upang maiwasan ang baha.
- Isara ang mga shutter o iba pang makapal na proteksyon mg bintana sa bahay, kung mayroon.
- Maghanda ng flash light, kandila, baterya, posporo, lighter, atbp. para sa pagka-wala ng elektrisidad.
- I-parada ang sasakyan sa mataas na palapag ng parking building kung mayroon, at lagyan ng cover.
- Patayin ng maaga ang breaker ng bahay kung palapit na ang bagyo.

## Pang-araw araw na Paghahanda

- Ipasok sa bahay ang mga bisikleta, stroller, atbp.
- Tandaan ang mga lugar sa paligid ng bahay, na madaling bahain kahit sa kaunting ulan.
- Linisin ang mga daluyan ng ulan at mga kanal sa paligid ng bahay.
- Sumama sa pag-ensayo kung mayroon sa trabaho o sa komunidad.
- Mag-usap sa bahay tungkol sa paglikas kasama ang mga kasama sa bahay. Mag-ensayo rin.



## Salitang Magagamit

- ①養生テープ “yōjō tēpu”: Matibay na tape. Maaaring gamitin bilang pampatibay ng bintana.
- ②雨戸 “amado”, シャッター “shattā”: Shutter o pangsara ng bintana na gawa sa bakal.
- ③ブレーカー “burēkā”: Pangunahing switch ng elektrisidad sa bahay. Patayin tuwing bagyo o lindol.



## Kung nasa Bahay o Ibang Gusali

☆ Shake out (Palatandaan sa mga Paraan upang Maligtas tuwing Lindol)



**YUMUKO**



**SUMILONG**



**KUMAPIT**

- Lumayo sa bintana at aparador, yumuko pababa, sumilong sa ilalim ng mesa at kumapit sa paa nito
- Kung walang masisilungan, yumuko malapit sa pinaka malapit na haligi o dingding at protektahan ang ulo
- Kung nasa elevator, pindutin ang lahat ng floor, at tumakas sa palapag na nagbukas ang elevator. Kung nakulong sa loob nito, pindutin ng matagal ang emergency button at humingi ng tulong. Yumuko habang naghihintay ng tulong.

## Kung nasa Labas

- Lumayo sa mga gusali, poste ng elektrisidad, mga bakod na gawa sa bloke, at pumunta sa malawak na lugar.
- Kargahin ang mga maliit na bata.
- Kung nag-mamaneho, sindihan ang hazard light, i-parada ang sasakyan sa ligtas na lugar, katulad ng malawak na paradahan, patayin ng makina, at lumikas kung posible.

## Salitang Magagamit

- ①地震 “jishin”: Lindol. Madalas may lindol sa bansa.
- ②避難 “hinan”: Paglikas patungo sa lugar na hindi nasalanta ng sakuna.  
「Tanong sa lugar ng evacuation site(避難所はどこですか? “Hinan-jo wa doko desu ka?”)」  
「Tanong kung nais lumikas(避難した方がいいですか? “Hinan shita hou ga ii desu ka?”)」  
「Ito ang sinasabi ng staff(避難指示に従ってください。 “Hinan shiji ni shitagatte kudasai.”)」
- ③倒壊 “tōkai”: Pakaguho ng mga gusali, daan, bundok, atbp.
- ④落下物 “rakka-butsu”: Mga bagay na nahuhulog mula sa mga gusali.



## Kung nasa Bahay

- Buksan ang pintuan sa harapan ng bahay.
- Magsuot ng makapal na sapatos, sombrero o helmet, at gloves o gwantes.
- Isara ang gas, at patayin ang breaker ng elektrisidad
- Dalhin ang Evacuation Bag (→p13).
- Kung mapanganib sa bahay, mag-iwan ng mensahe kung “sino ang, kalian, at saan” lumikas, bago lumikas sa lugar na malawak, katulad ng park o parking lot para sa sunod na yanig.

## Kung nasa Loob ng Gusali

Sundin ang gabay ng staff ng gusali. Kung walang staff na nagbibigay ng gabay...

- Protektahan ang ulo gamit ang sombrero, bag, atbp.
- "HUWAG: mangtulak, tumakbo, magsalaita, bumalik, lapitan ang eksena" sa paglikas.
- Maaaring lubak-lubak ang daanan. Iwanan ang stroller at kargahin ang bata kung may kasama.

## Kung nasa Labas

May posibilidad na mapanganib ang daanan dulot ng nahulog at natumbang bagay, at basag na daan.


- Lumikas sa lugar na malawak, katulad ng park o parking lot para sa sunod na yanig.
- Patayin ang makina ng sasakyan kung lilikas mula dito.
- Kung iiwanan ang sasakyan sa gitna ng daanan sa paglikas, iwanan ang susi sa loob at huwag i-kandado, upang magalaw ito ng mga rescuer.

## Pagka-hupa ng Lindol

- Makinig sa radio at manmanan sa internet kung wala nang susunod na yanig.
- Siyasatin kung ligtas ang bahay, at pag-isipan kung maaari ba ang shelter-in-place.
- Kung nasira ang bahay, kolektahin ang Evacuation bag (→p13) at mga imbak(→p14) kung maaari, bago pumunta sa Evacuation site.

## Salitang Magagamit

- ①余震 "yoshin": Pangalawa o susunod na yanig.
  - ②震度 "shindo": Lakas ng lindol (depende sa lugar).
- ☆Epekto ng lindol sa bawat lakas (Shindo):



**Kung sakaling Natabunan**

- Huwag sumigaw, at huwag pagurin ang sarili.
- Maglabas ng tunog kung nakarinig ng boses o tunog ng naglalakad na tao lamang.
- Maglabas ng tunog na hindi natural, katulad ng pagkatok ng bato sa pader 3 beses bawat ulit, o pag-ihip ng whistle, atbp.
- Upang maiwasan ang lalong pagkaguho, huwag galawin ang mga malaking bato sa ilalim.

**Kung nakakita ng Taong Natabunan**

- Sabihin sa tao na Nakita mo na siya, at sabihin ito sa mga rescue team o sa mga tao sa paligid.
- Upang maiwasan ang lalong pagkaguho, huwag galawin ang mga malaking bato sa ilalim.
- Kung maaaring magbigay sa taong natabunan, magbigay ng tubig, matamis na pagkain, at asin.

**Patakaran sa Pagpatay ng Sunog na Maliit****「Bilisan ang Pagpaalam」**

- Ipaalam sa paligid gamit ang emergency alarm, sigaw ng “Kaji desu”, hampas ng kawali, atbp.
- Tumawag sa 119, kahit na maliit pa lang ang sunog.

**「Bilisan ang Pagpatay」**

- Pag-aralan ang paggamit ng Extinguisher at gamitin ito.
- Kung walang Extinguisher, hampasin ang sunog gamit ang Unan, Makapal na tela, Binasang basahan, atbp.


**「Bilisan ang Pagtakas」**

- Tumakas kung hindi mapatay ang apoy sa loob ng 3 minuto.
- Tumakas kung umabot sa kisame ang apoy.
- Kalimutan na ang mga malaking kagamitan sa pagtakas, at HUWAG BUMALIK.

**Salitang Magagamit**

- ①埋もれています “umorete-imasu”: Natabunan. Nakulong sa ilalim ng gumuhong gusali.  
「Ipaalam na natabunan (埋もれています！ “Umorete-imasu!”)」  
「Ipaalam na may taong natabunan (人が埋もれています！ “Hito ga umorete-imasu!”)」
- ②火事 “kaji”: Sunog, lalo na kung sunog sa kahit anong gusali at malaking sunog.  
「Ipaalam na may sunog (火事です！ “Kaji desu!”)」
- ③消火器 “shōkaki”: Fire Extinguisher. Panlaban sa sunog at apoy.  
「Tanong kung saan ang Fire Extinguisher (消火器はどこですか？ “Shōkaki wa doko desu ka?”)」

## Paggamit ng Fire Extinguisher



Tanggalin ang Dilaw na Pin



Itutok sa Apoy ang Hose



Pigain ang Lever

## Punto sa Pagtakas mula sa Sunog

- Tumakas kung umabot sa kisame ang apoy.
  - Unahing palabasin ang mga Matanda, Bata, Buntis, at Sugatan. Tumulong kung may kakayanan.
  - Huwag intindihin ang karamitan o kagamitan, tumakas agad, at HUWAG BUMALIK.
  - Panatiliing mababa ang posisyon sa pagtakas upang maiwasan ang usok at nakakalasang hangin.
  - Sabihin agad sa mga Bumbero kung may taong naiwan sa loob ng sunog.
- ※ Kailangang i-ensayo ang pagtakas, maghanda ng kagamitan, at ihanda ang daanan sa pagtakas, upang hindi mahirapan kung sakali mang kailangang tumakas o lumikas.



Pindutin ng malakas



Puntahan at sundan ito



Takpan ng basang tela ang ilong at bibig.

## Salitang Magagamit

- ①非常ボタン “hijō botan”: Emergency alarm. Pindutin kung may panganib katulad ng apoy. 「Tanong saan ang alarm (非常ボタンはどこですか “Hijō botan wa doko desu ka?”)」 「Pakiusap na pindutin ang alarm (非常ボタンを押してください “Hijō botan wo oshite kudasai”)」
- ②非常口 “hijō-guchi”: Emergency exit. Dito magandang dumaan para makatakas. 「Tanong saan ang emergency exit (非常口はどこですか “Hijō-guchi wa doko desu ka?”)」
- ③119 番通報 “hyaku-jū-kyū ban tsūhō”: Ito ang emergency number para sa apoy at sugat. 「Pakiusap na tumawag ng tulong (119 番通報してください “Hyaku-jū-kyū ban tsūhō shite kudasai”)」

**Tsunami**

Hindi kailangang mag-alala sa Tsunami sa Okazaki, nguni't kung sakaling nasa lugar ng panganib:

- Maaaring magka-Tsunami kung lumindol ng 20 sec. pataas.
- Lumikas sa mataas na lugar kung uma-atras ang alon.
- Isara ang pinto at bintana ng gusali bago umakyat.
- Makinig sa radio at manmanan sa internet kung humupa na ang tubig bago lumabas mula sa gusaling pinag-likasan.



Gusaling likasan  
mula sa Tsunami



Evacuation site  
mula sa Tsunami

**Sakuna sa Lupa**

- Lumikas agad kung may babala ukol sa sakuna sa lupa, sa lugar na tinitirahan.
- Lumikas agad kung may mga sumusunod:  
Pag-guho ng bangin: maraming batong nalalaglag, may malaking biyak, may tubig mula sa bangin.  
Pag-daloy ng lupa sa ilog: humina at lumabo ang daloy ng ilog, may mga kahoy na dumadaloy.  
Landslide: maraming biyak sa lupa, biglang nagbago ang dami ng tubig sa mga lawa at ilog.

☆ **Liquefaction Phenomenon (Pagiging Putik ng Lupa)**

Malaki ang panganib ng pagkatumba ng mga poste at pagkaguho ng mga gusali, kung maging putik ang lupa dulot ng tubig, putik, at buhangin na nahalo sa lupa tuwing lindol. Siyasatin kung ang lupa sa lugar na tinitirahan ay madaling maging putik.

☆ **Kalagayan ng Daanan**

Maaaring lumubog, masira, mabarahan ng gumuhong bagay, at mapuno ng delikadong bagay ang daanan.  
Kung gagamit ng daanan, iwasan ang paggamit ng sasakyan, bisikleta, at stroller.  
Magsuot ng makapal na sapatos at maglakad.

**Salitang Magagamit**

- ① 津波 “tsunami”: Ito ang isa sa mga panganib ng lindol.  
「Tanong kung may panganib ng tsunami (津波は来ていますか “Tsunami wa kite-imasu ka?”)」  
「Tanong kung saan lilikas(津波避難場所はどこですか “Tsunami hinan basho wa doko desu ka?”)」
- ② 道路の状態 “dōro no jōtai”: Importante na malaman kung may panganib ba sa daan  
「Tanong kung magagamit ba ang daanan (道路は通れますか “Dōro wa tōremasu ka?”)」

## Paghahanda sa Bahay

**Tension Rod**




Upang hindi matumba ang matangkad na gamit

**Kandado**



Upang hindi mabuksan tuwing lindol

**Shatterproof Film**



Upang tumibay at hindi kumalat kung nabasag


**Pag-iingat sa Paghulog**



Iwasang magpatong ng bagay sa mataas na lugar

Iba pang magagawa...

- Maglagay ng helmet, jacket, sapatos, o Evacuation Bag (→p13) malapit sa lugar na mapagtatagan tuwing lindol.
- Huwag harangan ang daanan palabas.
- Ayusin ang kagamitan upang hindi masaknan sa panahong lumindol tuwing natutulog.



## Pang-araw araw na Paghahanda

- Bukod sa Evacuation Bag (→p13), panatilihing maglagay ng mask, wet wipes, resetang gamot, band aid, at iba pang bagay na magagamit sa pagtulong sa sugatan.
- Bukod sa credit card o smartphone, maghanda rin ng marami-raming pera.
- Maglagay ng Evacuation Bag (→p13), inuming tubig, damit, first aid kit sa sasakyan.
- Sumama sa pag-ensayo kung mayroon sa trabaho o sa komunidad.
- Mag-usap sa bahay tungkol sa paglikas kasama ang mga kasama sa bahay. Mag-ensayo rin.

## Salitang Magagamit

①耐震 “taishin”: Earthquake resistance

「Pagtanong ng tibay ng gusali laban sa lindol:

(この耐震性を教えてください“Koko no taishin-sei wo oshiete kudasai”)

②地震対策 “jishin taisaku”: Paghanda laban sa lindol

③地震対策グッズ “Jishin taisaku gudzu”: Kagamitang panglaban sa lindol

④防災訓練 “bōsai kunren”: Emergency Drill. Ensayo sa paglikas, pagtulong, atbp.

## Importanteng Bagay

<input type="checkbox"/> Kopya ng Residence Card	<input type="checkbox"/> Kopya ng Bank Book
<input type="checkbox"/> Kopya ng Passport	<input type="checkbox"/> Pera
<input type="checkbox"/> Kopya ng Health Insurance Card	<input type="checkbox"/> Kopya ng mga Sertipiko at Kontrata

## Gamit sa Pamumuhay

<input type="checkbox"/> Tubig na inumin 3L	飲料水 3L	<input type="checkbox"/> Pagkain (matatamis)	食糧 (飴、ビスケット等)
<input type="checkbox"/> Damit at Underwear	衣類、下着	<input type="checkbox"/> Toothbrush set	歯磨き粉と歯ブラシ
<input type="checkbox"/> Towel	タオル	<input type="checkbox"/> Water Container	給水袋
<input type="checkbox"/> Tissue	ティッシュ	<input type="checkbox"/> Medisina, Reseta	常備薬・処方薬

## Gamit na Makakatulong

<input type="checkbox"/> Flashlight, Radio	懐中電灯、ラジオ	<input type="checkbox"/> Lighter, Match, Candle	ライター、マッチ、ろうそく
<input type="checkbox"/> Baterya, Charger	充電電池、電池、充電器	<input type="checkbox"/> Blanket	ブランケット
<input type="checkbox"/> Emergency Knife	防災用ナイフ	<input type="checkbox"/> Mask	マスク
<input type="checkbox"/> Gunting, Cutter	ハサミ、カッター	<input type="checkbox"/> Hand Warmer (Kairo)	使い捨てカイロ
<input type="checkbox"/> Emergency Whistle	防犯ホイッスル	<input type="checkbox"/> Tali, Lubid, Nylon String	紐、ロープ、釣り糸
<input type="checkbox"/> Pen, Notebook	ペン、ノート	<input type="checkbox"/> Plastic Bag, Portable Toilet	ゴミ袋、携帯トイレ

## Gamit na Medikal

<input type="checkbox"/> Band aid	絆創膏	<input type="checkbox"/> Gauze	ガーゼ
<input type="checkbox"/> Gamot sa lagnat at sa kirot	解熱、鎮痛剤	<input type="checkbox"/> Bandage	包帯
<input type="checkbox"/> Epipen	エピペン	<input type="checkbox"/> Medical Tape	医療テープ
(Ilagay sa madaling kuhanin) (すぐ持ち出せる所に保管)		<input type="checkbox"/> Malaking Tela	大きな布

## ATBP

<input type="checkbox"/> Sanitary Pads	生理用品	<input type="checkbox"/> Kopya ng mga Hospital Card	診察券のコピー
<input type="checkbox"/> Baby Supplies	赤ちゃん用品	<input type="checkbox"/> Kopya ng Medicine Record	お薬手帳のコピー
<input type="checkbox"/> Baby book	母子手帳	<input type="checkbox"/> Sabon, Disinfectant	石鹸、消毒液
<input type="checkbox"/> Elderly Supplies	高齢者用品	<input type="checkbox"/> Wet Wipes	ウェットティッシュ

Maghanda ng Evacuation Bag at mga imbak para sa bawat tao, at ilagay ito sa lugar na madaling kuhanin.



Ilagay malapit sa Entrance



Pagsamahin ang bag at imbak



Maghanda rin sa sasakyan

Ihanda ang mga ito malapit sa Evacuation Bag

<input type="checkbox"/> Safety Helmet	防災ヘルメット	<input type="checkbox"/> Makapal na Sapatos	厚底の靴
<input type="checkbox"/> Safety Gloves. Proteksyon ng Kamay	軍手、手袋	<input type="checkbox"/> Tungkod o Mahabang Baton	杖や長い棒など
<input type="checkbox"/> Flash Light	懐中電灯	<input type="checkbox"/> Rain coat	レインコート
<input type="checkbox"/> Makapal na Jacket	厚手の上着	<input type="checkbox"/> Emergency Toilet	簡易トイレ
<input type="checkbox"/> Tarpaulin	レジャーシート	<input type="checkbox"/> Odor-proof Bag	防臭袋

Sa panahong naputol ang kuryente, tubig, at gas dulot ng sakuna, matagal bago maibalik ang mga ito. Mangyari lamang na mag-imbak para sa 3 araw hanggang 1 linggo.

## Pag-iimbak

<input type="checkbox"/> Cooked Dry Rice	アルファ米	<input type="checkbox"/> Instant foods	インスタント食品
<input type="checkbox"/> Mga De-lata	乾パン、缶詰	<input type="checkbox"/> Candy, Choco, Junk food	飴、チョコ、お菓子
<input type="checkbox"/> Inuming tubig	飲料水	<input type="checkbox"/> Tubig na gamit sa pamumuhay	生活用・調理用水
<input type="checkbox"/> Filtration Device	ろ過装置	<input type="checkbox"/> Drum atbp lagayan ng tubig	ドラム缶など水の容器

## Pagkain sa Sakuna




Pagkain na natira sa Ref at sa Freezer

Mga Pre-cooked na pagkain



Mga Emergency food na maaaring i-imbak sa mahabang panahon

## Patuloy na Pag-imbak



- ① Bumili ng pre-cooked na pagkain
- ② Kainin ang mga malapit na ma-expire
- ③ Bumili ng daedal ayon sa ginamit

Ito ang paraan sa pag-imbak ng pagkain


## Pag-imbak ng Tubig



3L/person



Bawat tao



1 week maganda

3 days minimum

Mag-imbak rin ng tubig na pang-linis ng katawan at pang-luto, bukod sa inumin, sa mga drum at container, at kung emergency, sa bathtub.

Ang tubig na walang chlorine ay lumumotin at aamagin, kaya't kung mag-iimbak ng tubig gamit sa pamumuhay, huwag gumamit ng purifier at iwanan ang chlorine.

## Maganda kung Mayroong...

<input type="checkbox"/> LED Lantern	LED ランタン	<input type="checkbox"/> Baterya, Charger	充電池、電池、充電器
<input type="checkbox"/> Radio	ラジオ	<input type="checkbox"/> Charger na iniikot ng kamay	手回し発電機
<input type="checkbox"/> Lighter, Match, Candle	ライター、マッチ、ろうそく	<input type="checkbox"/> Cooler box	クーラーボックス
<input type="checkbox"/> Portable Stove	カセットコンロ	<input type="checkbox"/> Kerosene	灯油
<input type="checkbox"/> Aluminium Foil	アルミホイル	<input type="checkbox"/> Mga tali at lubid	紐、ロープ
<input type="checkbox"/> Gunting, Can opener	ハサミ、缶切り	<input type="checkbox"/> Garbage bag	ゴミ袋

Mas magandang ma-aksaya ang pera kaisa ma-aksaya ang buhay. Siguraduhing maghanda.

## Ukol sa Portable Toilet

5 beses /person/day



Bawat tao

1 week maganda

3 days minimum



①Ilagay sa toilet seat at gamitin. Ilagay ang solidifier pagkatapos.



②Iligpit ang supot sa container na may takip, hanggang sa koleksyon.

## Makaka-tulong ang gamit sa Camping

Ang disenyo ng portable toilet, portable stove, tent, sleeping bag, atbp. ay upang magamit sa lugar na walang tubig, gas, at kuryente, at siguradong makaka-tulong ito sa panahon ng sakuna.



Kung nag-iisip na maghanda, magandang ipasok ang camping gadgets sa konsiderasyon



## Para sa Seguridad ng Alagang Pet

Ang evacuation site ay tumatanggap rin ng mga hayop, ngunit sa ibang lugar bukod sa tao, sa loob ng mga cage.

Siguraduhing maghanda ng pet toilet, pet food, cage kung saan mananatili ang pet, name tag, at litrato ng pet ninyo.

Magandang maghanda nito depende sa kasama sa bahay:



Diaper



Sanitary Pad



Pet Toilet



Maganda ring maghanda ng Toilet Paper





**Sugat (Gaishō)**

- Pa-upuin o pa-higain ang taong nasugatan.
- Pumili ng ①isang taong tatawag sa 119 at ②isang taong maghahanap ng doctor o nurse
- Papatigilin ang dugo kung malaki ang sugat.
  - ①Takpan ng panyo o guaze at didiinan ng mahigpit ang sugat.
  - ②Kung hindi pa rin tumitigil ang dugo, kung maaari man ay talian ng mahigpit ang parte na matatalian sa gitna ng sugat at puso (pag-aralan ang tungkol sa “tourniquet”)
  - ③Kung ang sugat ay malalim at ito ay dulot ng nasaksak na bagay, huwag itong bunutin, at takpan ang paligid. Kung nabunot ang nakasaksak na bagay, barahan ito ng nakarolyong tela, takpan, at diinan.
- Kung ang sugat ay pasa, untog, o dulot ng hampas, pa-upoin o pa-higain ang tao.
  - ①Kung na-pinsala ang ulo, HUWAG GALAWIN ANG ULO at hintayin ang ambulansya.
  - ②Kung ang nasaktan ay ibang parte ng katawan, palamigan ito.

**Pilay (Kossetsu)**

Mayroong kumpletong pagka-bali at pagka-biyak ng buto, nguni't kung may hinalang pilay, bali man o biyak, kailangang gawin ang mga susunod.

**Closed Fracture** (Pilay na hindi nakalabas ang buto mula sa katawan)

- ①Pa-upoin o pa-higain ang taong napilayan
- ②I-pirme ang parteng nabali (tanggalin ang gloves o medyas kung hadlang ito sa pilay)
  - Kung naka-baluktot ang parteng napilay, huwag itong i-diretso sa pag-pirme.

**Open Fracture** (Pilay na kung saan nabutas ang balat at naka-usli ang buto)

- ①Mauunang patigilin ang dugo, bago i-pirme ang parteng napilay.
- ②HUWAG IBALIK SA LOOB ang butong naka-usli.

**“ACT FAST” Upang Maagapan ang Stroke****Face**

Hindi maka-ngiti,  
Nakalawlaw ang  
kalahati ng mukha.

**Arms**

Hindi mai-angat o ma-  
kontrol ang isang braso.

**Speech**

Nabu-bulol,  
Hindi lumalabas ang  
salitang nais sabihin.

**Time**

Alin mang simtomas,  
Tawag sa 119.

## Pag-tulong sa mga Tao na Walang Malay

Hampasin ng malakas ang balikat at sigawan ng “Daijobu desu ka?” upang masita kung may malay ba ang tao. Kung walang malay, ilipat siya sa lugar na hindi delikado.

Sitahin ang paghinga gamit ang pag-galaw ng dibdib at tiyan, at paglabas ng hinga mula sa ilong at bibig. Kung walang malay at hindi humihinga, gawin ang sumusunod.



### AED, 119

Pumili ng isang taong tatawag sa 119, isang taong maghahanap ng AED, at isang taong maghahanap ng doctor o nurse.



### Open Airway, Resuscitation x 2

- ①Ibaba ang noo, Itaas ang baba, buksan ang bibig
- ②Ihipan ng malakas at marami ang bibig.
- ③Paglabas ng hangin, ulitin ang pag-ihip



### Chest Compression x 30

Ipag-patong ang dalawang kamay sa ibabaw ng dibdib ng tao, at pisain ang ibabang kalahati ng buto sa dibdib niya. 100~120/min ang bilis, 5 cm ang lalim. Diinan ng maigi ang pagpisa, kahit na mabali ang buto sa dibdib.



### Darating ang Ambulansya sa 10 minuto

- ①Magsalit sa sustenasyon ng hinga at puso hanggang sa dumating ang ambulansya, banda 5 beses ng pag-ulit.
- ②Gamitin agad ang nahanap na AED at isama ito sa pagtulong sa taong walang malay

### Salitang Magagamit

- ①意識不明 “ishiki fumei”: Hindi gumagalaw, hindi sumasagot kahit gisingin.  
「Ipaalam na walang malay na tao (この人意識ありません “Kono hito, ishiki arimasen”)  
「Ipaalam na hindi humihinga ang tao (呼吸していません “Kokyū shiteimasen”)」
- ②AED “AED”: Device na sisitahin ang puso, at kukuryentehin kung kailangan.  
「Ipakuha ang AED (AED 取ってください! “AED totte kudasai!”)  
「Magpatawag ng 119 (119 番通報してください “Hyaku-jū-kyū ban tsūhō shite kudasai”)」  
「Palayuín ang mga tao (皆さん離れてください “Minasan hanarete kudasai”)」



### 110... Polisyá

Nawalang tao, pagnanakaw, bunggo, atbp

• "Nani ka Arimashita ka? (Anong nangyari)"

Jiko (aksidente) or Jiken (insidente), pangyayari

• "Itsu desu ka? (Kailan nangyari)"

Anong oras, gaano katagal ang lumipas atbp

• "Doko desu ka? (Saan)"

Address, malapit saan, number ng poste atbp

• "Hannin wa? (Suspetya)" (kung insidente)

Ilan, damit, itsura, edad, saan tumakas atbp

• "Higai wa? (Ano ang damage)" (kung insidente)

Pagkalubha ng sugat, bagay na ninakaw atbp

• "Anata no Namae to Jūsho wa? (Detalye mo)"

Pangalan, Address, TEL/Cell No. ng tumawag

### 119... Ambulansya at Bumbero

Sunog, guho, sugat, sakit, atbp

• "Kaji desu ka, Kyūkyū desu ka? (sunog o sugat)"

Alin ang kailangan? Bumbero o Ambulansya

• "Doko desu ka? (Saan)"

Address, malapit saan, number ng poste atbp

• Medikal: "Dōshimasita ka? (Anong nangyari)"

Edad, Sino, Kailan, Anong nangyari

May malay? Humihinga? Atbp detalye

• Sunog: "Doko de nani ga moetemasu ka?"

Saang parte, ano ang nasusunog?

• Sunog: "Keganin, Nigeokureta hito"

May sugatin ba? May naiwanan ba sa sunog?

• "Anata no Namae to Jūsho wa? (Detalye mo)"

Pangalan, Address, TEL/Cell No. ng tumawag

### Magagamit na Salita

Foreigner ako	Watashi wa gaikokujin desu		
Hindi marunong mag-Hapon	Nihon-go wakarimasen		
Holdup	Gōtō desu		
Pagnanakaw	Tōnan desu		
Car accident	Kōtsū jikō desu		
May nag-aaway	Kenka ga arimasu		
May malapit na [ ]	Chikaku ni [ ] ga arimasu		
Marunong mag-English	Eigo wakarimasu		
Sunog	Kaji desu		
Medical Emergency	Kyūkyū desu		
Sa loob ng sasakyan	Kuruma no naka		
Suspetya	Han-nin	Sugatan	Kega-nin
Natumba	Taoreta	Masakit ang [ ] [ ] ga itai	
Walang hinga	Iki shitenai	Lagnat [ ]°C	Netsu [ ]-do
[ ] Floor	[ ] kai	Bathroom	Furoba
Bedroom	Shinshitsu	Kitchen	Kitchen
Name	Namae	TEL/Cell No.	Denwa bangō
Mantika	Abura	Kerosene	Tōyu
Sigarilyo	Tabako	Sumabog	Bakuhatsu

### Mga Numero na Makakatulong

<b>188</b>	Consumer Hotline	<b>0120-988-091</b>	Report ng Black out
<b>189</b>	Tungkol sa Child Abuse	<b>#9110</b>	Hindi Emergency na Polisyá
<b>#7119</b>	Konsultasyon ng Ambulansya	<b>#9910</b>	Road Emergency
<b>0564-21-5151</b>	Okazaki Fire Department	<b>0564-21-1133</b>	Medical Information Center
<b>0564-58-0110</b>	Okazaki Police Station	<b>0564-23-6777</b>	Okazaki Disaster Response HQ

## Mga Patakaran sa Evacuation Site

- Magtulungan, Pumila ng maayos, at Gamitin ng maayos ang pasilidad.
- Kaunti lamang ang tubig, rasyon, at kagamitan. Magdala ng sarili kung kaya, at magtipid.
- Magbigay ng atensyon sa mga Sugatan, Buntis, at Ikatatanda.
- Huwag maki-alam sa mga Pribadong kagamitan at impormasyon ng kapwa tao.
- Sundin ang paghi-hiwalay ng mga dumi, at panatilihin malinis ang basurahan.
- Panatilihin malinis ang banyo, liguan, kusina, at iba pang kagamitan ng komunidad.
- Sabihin sa Staff kung aalis mula sa site para lumipat sa bahay, sa pamilya, o iba pa.

## Pangangalaga ng Mentalidad

- Iwasang magpuyat, tumapat sa araw tuwing umaga, at huwag mahuli sa oras ng pagkain, upang mapanatili ang matinong balanse ng katawan.
- Mag-ipon ng impormasyon. Making sa radio, tingnan ang internet, at kausapin ang staff.
- Makihalubilo sa mga tao sa paligid, sa kuwentuhan, pakikipag-laro, atbp.
- Siguraduhing mayroong oras maka-relax, gamit ang snacks, inumin, musika, atbp.
- Pag-ingatan na hindi maging disturbo sa paligid, kung nais sumayaw, kumanta, magsining, kumuha ng litrato, o iba pang tipo ng hobby.

## Kalinisan at Kalusugan

- Maghugas ng kamay, magmumog, at mag-mask upang maiwasan ang pagkalat ng sakit.
- Importante ang kalinisan ng bgibig at ngipin. Magsipilyo.
- Panatilihin ang kalinisan ng banyo, liguan, at kusina. Linisin ang mga ito ng madalas. Mag-ingat sa paglilinis at pagdispatya ng dumi, lalo na kung galing sa banyo o kusina.
- Araw-araw sukatin ang lagnat at i-lista kung masama ang pakiramdam.
- Mag-ehersisyo at mag-unat araw-araw.

Sadyang mahirap tumira sa evacuation site dahil siksikan, walang liguan, kaunti ang kagamitan, atbp. Bumalik sa bahay kung hindi delikado, o makitira sa bahay ng kamag-anak o kaibigan kung maaari.

## Salitang Magagamit

- ① 具合が悪い“guai ga warui”: Masama ang pakiramdam, May nararamdamang sakit.  
② 薬“kusuri”: Gamot                      ③ 食糧“shokuryō”: Pagkain                      ④ 飲み水“nomi-mizu”: Inumin  
⑤ トイレ“toire”: Banyo                      ⑥ 医者“isha”: Doktor                      ⑦ アレルギー“arerugi”: Allergy  
⑧ ○○はどこですか“○○ wa doko desu ka?": Pagtanong kung nasaan ang XXXX  
⑨ ○○はありますか“○○ wa arimasu ka?": Pagtanong kung mayroon bang XXXX

## Mga Designadong Pasilidad na Malilikasan sa Okazaki

Atago Elem. School	Azukizaka Elem. School	Daijuji Elem. School	Daimon Elem. School
1, Atagoyama, Iga-chō 伊賀町 愛宕山 1	13-5, Fujibasami, Tosaki-chō 戸崎町 藤巻 13-5	31, Hiromoto, Kamoda-chō 鴨田町 広元 31	4-4-1, Daimon 大門 4-4-1
Eta Elem. School	Fujikawa Elem. School	Fukuoka Elem. School	Hadanashi Elem. School
71-1, Sengatsugairi, Eta-chō 恵田町 三月ヶ入 71-1	44, Nishimachi Kita, Fujikawa-chō 藤川町 西町北 44	3, Nishi Iohinaka, Fukuoka-chō 福岡町 西市仲 3	2, Sedota, Hadanashi-chō 秦梨町 世土田 2
Hane Elem. School	Hirohata Elem. School	Hosokawa Elem. School	Ida Elem. School
24-2, Ikekaki, Hane-chō 羽根町 池脇 24-2	11-1, Hirohata-chō 広幡町 11-1	45, Ishida, Hosokawa-chō 細川町 石田 45	4-3, Baratsubo, Ida-chō 井田町 茨坪 4-3
Iwazu Elem. School	Jōnan Elem. School	Katano Elem. School	Kitano Elem. School
24-2, Sarudō, Iwazu-chō 岩津町 申堂 24-2	1-11, Jōnan-chō 城南町 1-11	13, Nakajima, Sakuragata-chō 桜井町 中嶋 13	1-1, Yamashita, Kitano-chō 北野町 山下 1-1
Miai Elem. School	Midorigaoka Elem. School	Mishima Elem. School	Miyazaki Elem. School
30, Minami Ishihara, Okamachi 岡町 南石原 30	12, Sawetari, Maii-chō 美合町 沢渡 12	1, Ikegami, Myōdaiji-chō 明大寺町 池上 1	9, Kojiro, Ishihara-chō 石原町 古城 9
Motojuku Elem. School	Mutsumi Chūbu Elem. School	Mutsumi Hokubu Elem. School	Mutsumi Nanbu Elem. School
14-1, Sanbonmatsui, Motojuku-chō 本宿町 三本松入 14-1	71, Idojiri, Shimo Aono-chō 下青野町 井戸尻 71	2, Sumiyaki, Doi-chō 土井町 炭焼 2	9-1, Shimo Inoue, Nakajima-chō 中島町 下井ノ上 9-1
Mutsumi Seibu Elem. School	Mutsuna Elem. School	Natsuyama Elem. School	Neishi Elem. School
33, Dōhon, Akashibu-chō 赤浜町 道本 33	3-2-1, Mutsuna 六名 3-2-1	7-1, Hosoda, Natsuyama-chō 夏山町 細田 7-1	1-2, Ishigasaki, Kakemachi 欠町 石ヶ崎 1-2
Oidaira Elem. School	Okazaki Elem. School	Okazaki Elem. School (Aichi University of Education)	Okutono Elem. School
25-1, Hiwaba, Oidaira-chō 生平町 鵜場 25-1	1, Furo, Harisaki-chō 針崎町 フロ 1	15, Hachikan, Rokku-chō 六供町 八貫 15	73-2, Nakanishi, Okutono-chō 奥殿町 仲西 73-2
Otogawa Elem. School	Renjoku Elem. School	Ryūgai Elem. School	Shimoyama Elem. School
17, Nakamichi, Ōhira-chō 大平町 中道 17	4, Jōhoku-chō 城北町 4	34-4, Matsumoto, Ryūsenji-chō 竜泉寺町 松本 34-4	16, Ichiba, Hokkyū-chō 保久町 市場 16
Tatumigaoka Elem. School	Tokiwa Elem. School	Tokiwa Higashi Elem. School	Tokiwa Minami Elem. School
1-1, Tatsumi-dai 竜美台 1-1	3-4, Irinotani, Taki-chō 滝町 入ノ谷 3-4	32, Sōsaku, Yonagouchi-chō 米谷内町 惣作 32	12-4, Iwamoto, Taguchi-chō 田口町 岩本 12-4
Toyotomi Elem. School	Ueji Elem. School	Umezono Elem. School	Yahagi Kita Elem. School
3, Nishinosawa, Kashiyama-chō 櫛山町 西之沢 3	3-31, Ueji 上地 3-31	4-68-1, Inaguma-chō 稲熊町 4-68-1	9-2, Nishi-Toyama, Hashime-chō 橋目町 西遠山 9-2
Yahagi Higashi Elem. School	Yahagi Nishi Elem. School	Yahagi Minami Elem. School	Yamanaka Elem. School
28, Kiredo, Yahagi-chō 矢野町 切戸 28	40, Chōai, Utō-chō 宇頭町 長合 40	13, Nishijima, Daiwa-chō 大和町 西島 13	1, Tenjingosho, Maig-chō 舞木町 天神越 1
Aoi Junior High School	Fukuoka Junior High School	Iwazu Junior High School	Jōhoku Junior High School
31-1, Iga-shinmachi 伊賀新町 31-1	3, Iguji, Fukuoka-chō 福岡町 井杭 3	2-36, Higashi Kuramae 東蔵前 2-36	3-1, Jōhoku-chō 城北町 3-1
Kawai Junior High School	Kita Junior High School	Kōzan Junior High School	Mikawa Junior High School
7, Uedaira, Chiharazawa-chō 茅原沢町 上平 7	1-10, Kamisato 上里 1-10	20-1, Kitano Higashi, Naka-chō 中町 北野東 20-1	4-1, Hasama, Maruyama-chō 丸山町 ハサマ 4-1
Minami Junior High School	Mutsumi Junior High School	Mutsumi Kita Junior High School	Nukata Junior High School
8-1, Noguro, Tosaki-chō 戸崎町 野畔 8-1	72, Idojiri, Shimo Aono-chō 下青野町 井戸尻 72	2, Rokutan, Inai-chō 井内町 六反 2	88, Harashinden, Kashiyama-chō 櫛山町 原新田 88
Okazaki Junior High School (Aichi University of Education)	Ryūkai Junior High School	Ryūnan Junior High School	Shinkayama Junior High School
1, Kuribayashi, Myōdaiji-chō 明大寺町 栗林 1	48-1, Kuribayashi, Myōdaiji-chō 明大寺町 栗林 48-1	2-17, Midorigaoka 緑丘 2-17	20-86, Ōsawa, Kuwabara-chō 桑原町 大沢 20-86

# Lista ng Lugar na Malilikasan 2

20


Shōnan Junior High School 1-2, Harusaki, Harisaki-chō 針崎町 春咲 1-2	Tōkai Junior High School 51, Nakashiba, Yamatsuna-chō 山綱町 中柴 51	Tokiwa Junior High School 109, Yamagomori, Taki-chō 滝町 山郷 109	Yahagi Junior High School 18, Rendai, Kuredo-chō 暮戸町 運代 18
Yahagi Kita Junior High School 43-1, Fudeya, Higashi Ōdono-chō 東大友町 筆屋 43-1	Iwazu High School 5, Baba, Higashi Kuramae-chō 東蔵前町 馬場 5	Okazaki High School 1, Tenma, Myōdaiji-chō 明大寺町 伝馬 1	Okazaki Kita High School 17-1, Ishigami-chō 石神町 17-1
Okazaki Higashi High School 27, Ushiroyama, Ryūsenji-chō 竜泉寺町 後山 27	Okazaki Nishi High School 7, Hina Minami-machi 日名南町 7	Okazaki High School of Technology and Engineering 47, Jinba, Hane-chō 羽根町 陣場 47	Okazaki Commercial High School 3-76, Sakae-chō 栄町 3-76
Dōdō Nursery 15-1, Kawara-chō 河原町 15-1	Miyazaki Nursery 21, Yodono, Ishihara-chō 石原町 洗野 21	Yahagi Nishi Nursery 101-4, Washiyama, Nishi Hongō-chō 西本郷町 和志山 101-4	Okazaki City Hall 2-9, Jūō-chō 十王町 2-9
Okazaki City Library and Community Plaza Libra 4-71, Nishi, Kōsei-dōri 康生通西 4-71	Okazaki Citizens' Hall 15-1, Desaki, Rokku-chō 六供町 出崎 15-1	Former Ōamekawa Elementary School 17, Kuroishi, Higashikawara-chō 東河原町 黒石 17	General Checkup Center 68-1, Gohonmatsu, Miai-chō 美合町 五本松 68-1
Okazaki City Firefly Environmental Center Hotaru Gakkō 5-1, Kodengawa, Torikawa-chō 鳥川町 小デノ沢 5-1	Sekirei Hall 3-36-5, Asahimachi 朝日町 3-36-5	Zemanjo Gakkō 8, Miyanishi, Zemanjo-chō 千万町 宮西 8	Chūō Community Center 3-3-7, Kami Mutsuna 上六名 3-3-7
Mutsumi Community Center 64, Tenjin, Shimo Aono-chō 下青野町 天神 64	Nanbu Community Center (Branch Bldg) 5-3, Hane Nishi-shinmachi 羽根西新町 5-3	Nanbu Community Center (Civic Center) 15, Kitono, Hane-chō 羽根町 貴登野 15	Ōhira Community Center 6, Sarada, Ōhira-chō 大平町 皿田 6
Tōbu Community Center 2-9, Tenjin, Yamatsuna-chō 山綱町 天神 2-9	North Area Community Center 45-1, Kihira, Nishi Kuramae-chō 西蔵前町 季平 45-1	West Area Community Center 45-1, Sonjo, Yahagi-chō 矢作町 尊寿 45-1	Daijūji District Citizens' Home 64-18, Taokoshi, Kamoda-chō 鴨田町 田起 64-18
Fujikawa District Citizens' Home 3-112, Fujikawa-dai 藤川台 3-112	Katano District Citizens' Home 3, Fukuzuka, Sakuragata-chō 桜死町 福家 3	Motojuku District Citizens' Home 11-1, Koshinden, Motojuku-chō 本郷町 古新田 11-1	Mutsuna District Citizens' Home 1-2-1, Mutsuna Minami 六名南 1-2-1
Renjaku District Citizens' Home 1-4, Uo-chō 魚町 1-4	Toyotomi District Citizens' Home 10-1, Yamanokami, Kashiya-ma-chō 櫻山町 山ノ神 10-1	Okazaki City Gymnasium 7, Mutsuna-honmachi 六名本町 7	Ida Gymnasium 10-3, Iga-shinmachi 伊賀新町 10-3
<b>Likasan na magagamit bilang Malawak na Likasan tuwing Lindol</b>			
Okazaki Castle Park 561-1, Kōsei-chō 康生町 561-1	Chūō Sōgō Park 1, Tōge, Kōryūji-chō 高隆寺町 峠 1	Higashi Park 1, Ōyama, Kakemachi 欠町 大山田 1	Minami Park (~R8 may parteng binabago) 1-1, Kayabayashi, Wakamatsu-chō 若松町 萱林 1-1

※Dugtungan ng “Okazaki-shi” sa unahan ng Address, kung hahanapin sa Internet o map apps.

Makikita ang pasilidad ang bukas mula sa “Emergency Mailing System” kung may kalamidad.

Mga wikang makikita sa Emergency Mailing System:

English, Português, 中文 (簡体字), 中文 (繁体字), やさしい にほんご



**避難所  
広域避難場所**

○ ○ 小学校  
○ ○ 公園

**避難場所  
指定避難場所**

○ ○ 中学校  
○ ○ 公民館

○ ○ 会館  
(etc.)

Hanapin ang mga poste at billboard na mayroong halintulad na simbolo at salita



Importanteng alamin ang mga daan sa paglikas upang maiwasan ang panganib.

- ① Magdikit ng mapa na sakop ang bahay at evacuation site na planong likasan.
- ② Pumili at kulayan ang 2~3 daan ng paglikas.
- ③ Subukang lakarin ang mga daan at isulat sa mapa ang mga napansin na panganib.



## Importanteng Impormasyon sa Paglikas

Name	Birthdate	TEL/Cell
Meeting place	Wide area evacuation site	Evacuation site
Address in Japan		

## Emergency Contact sa Japan (Pamilya, Kaibigan, Trabaho)

1	Name	TEL/Cell	Nationality, Company etc
2	Name	TEL/Cell	Nationality, Company etc
3	Name	TEL/Cell	Nationality, Company etc
4	Name	TEL/Cell	Nationality, Company etc

## Impormasyon ng Kalusugan

Health Insurance Card No.	Blood Type	Doktor na palaging binibisita
Allergy		Resetang gamot
Mga Matagalang Kundisyon (Sakit, Disabilidad, Phobia etc)		

## Impormasyong Internasyonal

Nationality	Residence Card No.	Passport No.
Contact sa Ibang Bansa		Embassy/Consulate TEL



★Okazaki Bōsai  
Mailing List



★Okazaki Bōsai  
Portal



Japan Meteorology  
Agency



Yahoo! Bōsai



Emergency Medical  
Information



NHK World Bōsai

May impormasyon rin sa X

@bouhan\_koutsu  
Public Safety Information

@okazaki\_koho  
Public Relations Bulletin

Okazaki City Hall Diversity Promotion Division

〒444-8601 Okazaki-shi Jūō-chō 2-9  
☎ (0564) 23-6644

OKAZAKI